



# VOICE OF THE VISION



Rev. Victorio G. Lamarca  
UCF Associate Pastor

Let us remain steadfast in our faith in the Lord that He will provide all our needs.

## Ano ang gusto mo?

### **Marcos 10:51a (MBBTAG)**

"Ano ang gusto mong gawin Ko para sa iyo?" tanong sa kanya ni Jesus.

### **Passage**

#### **Marcos 10:46-52**

<sup>46</sup>Dumating sina Jesus sa Jerico. Nang papaalis na Siya kasama ang Kanyang mga alagad at marami pang iba, may nadaanan silang isang bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. Siya'y si Bartimeo na anak ni Timeo. <sup>47</sup>Nang marinig ng bulag na ang nagdaraan ay si Jesus na taga-Nazaret, sumigaw siya nang sumigaw, "Jesus, Anak ni David, mahabag po Kayo sa akin!" <sup>48</sup>Pinagsabihan siya ng mga taong naroroon upang tumahimik, ngunit lalo pa siyang nagsisigaw, "Anak ni David, mahabag po Kayo sa akin!" <sup>49</sup>Tumigil si Jesus at Kanyang sinabi, "Dalhin ninyo siya rito." At tinawag nga nila ang bulag. "Lakasan mo ang iyong loob. Tumayo ka. Ipinapatawag ka ni Jesus," sabi nila. <sup>50</sup>Inihagis niya ang kanyang balabal, paluksong tumayo at lumapit kay Jesus.

<sup>51</sup>"Ano ang gusto mong gawin Ko para sa iyo?" tanong sa kanya ni Jesus. Sumagot ang bulag, "Guro, gusto ko pong makikitang muli."

<sup>52</sup>Sinabi ni Jesus, "Makakaalis ka na. Magaling ka na dahil sa iyong pananampalataya." Noon di'y nakakita siyang muli, at sumunod kay Jesus.

#### **Introduction**

Ano ang gusto nila?  
Sa mga matatanda?  
Sa mga mag-asawa?  
Sa mga kabataan?  
Sa mga bata?

#### **I. Marcos 10:51a**

"Ano ang gusto mong gawin Ko para sa iyo?" tanong sa kanya ni Jesus.

Tinanggap ng lalaking bulag mula kay Jesus ang pinakamagandang tanong na narinig niya sa kaniyang tanang buhay—ano ang gusto mo?

Ang tanong na ito ang patuloy ring itinatanong ni Jesus sa atin. Alam na Niya kung ano ang makabubuti sa atin ngunit nais pa rin Niya na ito ay ating hinihingi.

Ang wika ni Hesus sa **Mateo 7:7** ay, "Humugi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan."

Ano ang sagot ng lalaki? "Gusto ko pong makikitang muli." Ito ang tugon ng lalaking bulag sapagkat ito ang kaniyang pangangailangan. Ang lalaking ito ay si Bartimeo (Anak ng Timeus).

mo ang mga bagay na dapat pang ayusin at upang magtalaga ka ng matatandang pinuno ng iglesia sa bawat bayan, ayon sa iniutos ko sa iyo.

Hindi siya humingi ng maraming pera upang ipampagamot niya. Hindi siya humingi ng kapangyarihan upang gumaling at magpagaling din ng iba. Ang pangangailangan ng lalaki ay ang makakita at iyon mismo ang kaniyang hiniling.

#### **II. Maaaring hindi ipagkaloob ng Diyos ang ating mga naisin o "wants/desires".**

Ano ang ilan sa mga gusto ng tao na naitala sa Bibliya?

#### **A. Santiago 1:4-5**

<sup>4</sup>At dapat kayong magpakatataq hanggang wakas upang kayo'y imaging ganap at walang pagkukulang. <sup>5</sup>Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humugi siya sa Diyos at siya'y bibigyan, sapagkat ang Diyos ay nagbibigay nang sagana at hindi nanunumbat.

#### **B. Tito 1:5**

Iniwan kita sa Creta upang ayusin

#### **III. Kaya importanteng alam natin kung ano ang mga tunay nating pangangailangan at ang mga iyon ang ating hangarin o hilingin.**

Siguradong ipagkakaloob ng Diyos sa atin ang mga pangangailangan natin katulad ng lalaking bulag. Ipinagkaloob ng Panginoon ang pangunahan niyang pangangailangan at iyon ay ang gumaling sa kaniyang karamdamian. Sumampalataya siyang siya ay makakakita at iyon nga ang nangyari.

Ang wika ni Hesus sa **Marcos 10:52b**, "Magaling ka na dahil sa iyong pananampalataya."

Ang pananampalataya at kahilingan ng bulag ang nagpagaling sa kanya.

#### **IV. Bunga ng ating pananampalataya ay gagawa ng himala ang Diyos sa ating buhay.**

# UCA, gateway of evangelism

**W**ith the vision that the Lord has given Rev. Dr. William Sy to build a strong academic institution, United Christian Academy (UCA) was established. This ministry not only opened doors for academic excellence but also for spiritual growth. Throughout the years, the hand of the Lord has moved faithfully in this ministry while standing on its vision

to be the gateway of evangelism.

As an extraordinary school with an extraordinary call from God, UCA continues to share the Gospel of Jesus Christ to its students and extending it to their family members. UCA believes that growing in the knowledge of Christ is a significant thing that a child must acquire, and that bringing a child to Christ is a

great reward.

UCA has witnessed changed and transformed lives, triumphs and successes, and overflowing provision and grace. UCA might have embraced the new normal, but its core remains.

In this time of pandemic, UCA Online launched and brought various opportunities of reaching out to students not only in the Philippines

but also abroad. Platforms may have changed from face-to-face to virtual classrooms, but UCA holds true to its vision of sharing God's Word.

Here are some of the students and their parents whose lives were transformed when they experienced God's love and His amazing grace. Truly, God can use anyone, even a child, to touch the lives of His people.

“Lumipat mag-aral sa UCA ang anak kong si Angel noong Grade 9 siya. Naging Kristiyano si Angel at naging active siya sa church bilang parte ng VOV. Noong panahon na iyon, kaming pamilya niya ay Katoliko pa. Isang araw, niyaya kami ni Angel na um-attend ng anniversary ng UCF. Ang sabi ni Angel na um-attend lang kami sa anniversary at kung hindi ko magustuhan, hindi na niya kami pipilitin na magsimba doon. Pero iyon pala ang naging daan upang maitama namin ang aming pananampalataya sa Diyos. Mula noong um-attend kami ng anniversary ng UCF, hindi na kami muli nakapagsimba sa Katoliko. Tuloy-tuloy na kaming naging Kristiyano at na-water baptize din kami. Ako bilang ina ay sumali na rin sa Music Department dahil gusto ko ring maglingkod sa ating Diyos tulad ng mga anak ko. Mapapatunayan kong napakabuti ng Diyos sa buhay namin. Ginabayani Niya kami na maituwid kami at makilala namin Siya nang lubusan. Sa pamamagitan ng aking anak na si Angel, nadala kami rito sa panambahan ng UCF. Anumang pagsubok na dumating sa buhay namin, hindi kami pababayaan ng ating Diyos na buhay at Diyos na mapagmahal. Purihin ang Diyos sa Kaniyang kada-kilaan.”

Nelia Tolentino

UCA Parent



**Angel Tolentino**  
UCA Alumna

“Nagpasalamat po ako sa Lord dahil sa pamamagitan ng UCA ay nakakilala ako at ang aking pamilya sa Panginoon. Isa ako sa maraming patunay na ang UCA ay tunay na may kalinga hindi lamang sa kinabukasan ng mga estudyante nila kung hindi maging sa paglago namin sa pagkilala at paglalakad sa Panginoon. Nang dahil sa UCA, nagkaroon ng direksyon ang buhay ko. Thank you and God bless, UCA!”



Nelia Tolentino

UCA Parent



“I'm really thankful na naging part ako ng UCA, I have learned a lot not just in academics but also in the spiritual aspect. Ang UCA din ang naging way para makakilala ako sa Lord. I am grateful seeing my mama and papa serving and giving their lives to the Lord. Thank you, United Christian Academy!”

**Alyssa Jean Hermosa**

UCA Alumna

“Naging estudyante si Alyssa sa UCA dahil ang mga pinsan niya aysa UCA nag-aaral. Alam ko na may church sa UCA kaya nagsabi ako kay Alyssa. Sinubukan kong um-attend sa UCF at si Ma'am Joy ang adviser ni Alyssa noon kaya siya ang gumabay sa akin at nagpatanggap sa akin sa Panginoon. Nagsimula na rin ako sa pagbabasa ng Bibliya. Nagpasalamat ako sa Lord dahil dinala Niya ako sa panambahan tunay na tinawag ng Diyos. At sa pamamagitan ng UCA, madami ang mga kaluluwang nakakilala sa Lord. Marami ring tao ang ginamit ng Lord upang ako ay patuloy na lumalim sa Kaniyang Salita at makapaglingkod. Papuri at pasasalamat sa Iyo lamang, o Diyos!”

**Glynis Hermosa**  
UCA Parent



**1 Samuel 16:7 (NKJV)**

**But the Lord said to Samuel, “Do not look at his appearance or at his physical stature, because I have refused him. For the Lord does not see as man sees; for man looks at the outward appearance, but the Lord looks at the heart.”**

“ Magtatatlong taon na nang makakilala ako sa Panginoon through my eldest son Aries na nag-aaral noon sa UCA. Noon pa man, ang anak kong ito ay walang tigil sa kaka-invite sa akin na dumalo sa church. Ang laging sagot ko ay sa susunod na lang. Until the time came na kinatagpo ako ng Diyos last April 2019 sa UCF Family Camp. I had an anxiety problem, so severe that I almost died. My last anxiety attack was last April 2019, three days before the Family Camp. Dinala ko na naman ang sarili ko sa ER ng Unihealth hanggang inaya ko ang eldest ko na magdasal kami. At Diyos na mismo ang gumawa ng way na maging bahagi kami ng UCF Family Camp. Iyon ang araw na minulat ng Diyos ang aking mga mata. Nagpa-water baptize ako. I totally surrendered and accepted Jesus Christ as my Lord and Savior. Now, the old is gone and the new has come. Pinagaling, pinalaya sa bondage of sins at ngayon ay patuloy na lumalakad sa kalooban ng Diyos.

Papuri sa Diyos na tapat at dakila! ”



**Dra. Rina Ani**  
UCA Parent



“ Ang UCA ay isang eskwelahan na hindi ko inaakala na magbabago ng buhay ko. Dahil sa UCA, mas lalo akong natutong makisalamuha sa mga tao at tinuring kong pamilya ang mga tao rito. Ang eskwelahan na ito ang nagbigay daan upang makita ko ang kabutihan ng Diyos at maranasan ang Kaniyang presensiya sa pamamagitan ng mga UCA retreat. Hindi lamang iyon pero kapag ako ay may dalang problema, nakatutulong ang mga chapel service at ang mga memory verse na naging daan para maranasan ko ang kapayapaan ng Diyos at marinig ang Kaniyang tinig. Hindi lamang pala mahalaga ang pag-aaral pero mas masarap mag-aral kapag kasama ang Diyos. Dito ko patuloy na nakilala ang Diyos sa buhay ko pati na rin ang pamilya ko. ”

**Joshua Aries Ani Jr.**  
UCA Alumnus

## UCA UPDATE Creating professional linkages

Despite the busy schedules and various matters in the life of a teacher, professional growth and development are still necessary. UCA ensures that its teachers partake in professional community connection for the betterment of themselves and the school.

Last October 20, Wednesday, UCA teachers attended two consecutive webinars with Odilo and DepEd EdTech Unit in cooperation with the British Embassy Manila. These initiated sessions on

digital education and educational technology in the new normal of education.

Various speakers locally and abroad were invited to share their insights and expertise about education in the digital age. Generally, this aims to help schools provide the best education in this crisis and answer common problems being encountered during online teaching and learning.

Praise God for this opportunity to grow professionally!

The webinars attended by the UCA teachers related to distance learning



## UCACOA UPDATE Moving beyond the limit

The opportunities overflow, making UCA Collage of Asia (UCACOA) a real access to the future.

Three months ago, the first batch of scholars for Contact Center Services (CCS) NC II finished their training and successfully graduated online in partnership with the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) and Parañaque's 1<sup>st</sup> District Representative Hon. Eric Olivarez. With UCACOA's in-depth training and readiness for this new normal, another batch of 25 scholarship

grants were given to the institute this month.

These vouchers have also reached citizens residing nearby Mt. Tabor Church Re-Creation Center located at Cabuyao, Laguna. The school started to take off as it provides educational training and shares God's Word as its main vision.

Spearheaded by Ms. Sheriewyn Vallido, another six scholars are added to the batch. The said free training will be done online with the professional guidance of CCS Trainer and TESDA Focal Person, Rev. Ryan Christian Tabay.



**Register now to receive a scholarship grant!**

For more information about the scholarship program, you may reach out to Rev. Ryan Christian Tabay.

**Oh, let the wickedness of the wicked come to an end, But establish the just; For the righteous God tests the hearts and minds.**

**Psalm 7:9 (NKJV)**

# Buong pusong paglilingkod

Sikap at pagmamahal ang siyang ibinubuhos ng mga anak ng Diyos sa bawat paglilingkod at gawain na kanilang ginagampanan upang maisakutuparan ang ibinigay na kalooban ng Panginoon para sa Mt. Tabor *Church Re-Creation Center*.

Sa nagdaang linggo ay buong lakas at sipag na nagtulong-tulong ang mga *in-house trainee worker* at kalalakihan upang manggawa roon.

ipagpatuloy gawin ang pagtatayo ng greenhouse at chicken coop sa plot area sa pangunguna ni Rev. Dr. William Sy kasama ang iba pang mga butihing pastor ng panambahan.

Muli ring bumisita at tumulong ang ilang kababaihan ng UCF sa pagtatanggal ng damo sa ibang parte ng lupain sa Mt. Tabor at ang pagluluto para sa mga manggawa roon.

## Paggawa ng greenhouse

Sa tulong ng mga manggawa ay naitayo na ang greenhouse sa Mt. Tabor na magagamit upang mapanganagaaan ang mga tanim. Isa sa mga planong itanim rito ay kamatis at iba pang mga herb. Hindi magtagal ay makatutulong ang mga ito bilang isa sa maaaring pagkunan ng pinansyal na pangangailangan para sa Mt. Tabor.



## Paggawa ng chicken coop

Sa kabilang parte naman ng greenhouse ay naitayo na rin ang panibagong chicken coop sa tulong ng kalalakihan. Dito muling patitiirahan ang mga alagang manok sa Mt. Tabor at sila'y muling pararamihin upang maging isa rin sa mga maaaring pagkuhanan ng pagkakitaan na gagamitin para sa ministryo.



## Pagtulong sa Mt. Tabor

Patuloy naman ang pagtulong ng kababaihan sa pamamagitan ng pagtatabas ng damo sa isang bakanteng lupain sa Mt. Tabor at sinundan na rin ng pagtatanim ng sili rito. Sa mga susunod na araw ay itatanim na rito ang mongo, coriander at bell pepper. Masaya rin silang nag-abala sa pagluluto para sa mga manggawa.



## Mga Awit 19:14 (MBBTAG)

**Nawa'y ang mga salita ko at kaisipan, kaluguran mo, Yahweh, manunubos ko at kanlungan.**

# Pagbabahagi ng kabutihan ng Diyos

**K**asunod ng pagbibigay ng buhay sa Panginoon ang pagsunod sa Kaniyang kalooban, at isa na rito ang pagpapahusay at paghubog sa puso at isipan ng mga lingkod. Dahil dito ay naitatag ang ministeryo ng UCF

Theological Seminary (UCFTS).

Ang UCFTS ay naglalayong maihanda ang mga lingkod ng Diyos sa pag-abot sa mga nawawalang kaluluwa. Sa pamamagitan nito, unti-unting nahuhubog ang kanilang puso

at isip, gayundin ay nadadagdagan ang kanilang kaalaman sa Salita ng Diyos—isa sa mga mahalagang katangian bilang isang lingkod ng Panginoon.

Ilang linggo pa lamang ang nakalipas nang magsimula ang *Home Bible*

*Church (HBC)* na pinapangunahan ng mga mag-aaral ng UCFTS. Narito ang ilan sa mga patotoo ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang naranasan at natutunan sa pagganap sa mga *Home Bible Church*.



Sis. Katherine Grace Rengais  
UCFTS Student

*Dito ko mas naranasan ang pagkilos at pagsama ng Lord kasi every time na nagsha-share ako, alam ko na ang sinasabi ko o ang mga salita na lumalabas sa bibig ko ay hindi sa akin nanggagaling, kung hindi dahil sa pagsama ng Panginoon iyon. Nagugulan na lang ako minsan dahil nag-o-open up na sila at talagang tumatama sa kanila ang ibinahagi ko na karanasan ko rin sa Lord. Natutunan ko rin na mahalaga talaga ang heart sa ginagawa mo kung bakit ka nagsha-share. Dahil lang ba required sa TS o talagang nasa heart mo talaga ang mag-share? Talagang in-evaluate ko muna and I prayed. Natutunan ko rin na hindi iyon sa kung gaano kaganda ang sinasabi mo, bagkus ay kung ano ang karanasan mo mismo talaga sa Lord.*



Sis. Niña Murillo  
UCFTS Student

Natutunan kong magkaroon ng compassion sa aking mga HBC. Nakita ko ang hunger nila sa Salita ng Diyos at kung paano pa nila nais makilala ang Diyos sa kanilang buhay. Nagpapasalamat din ako sa Lord dahil kahit ang ilan sa kanila ay halos doble na ang edad sa akin, nandoon ang trust nila na ang pinapakilala ko sa kanila ay isang buhay at nag-iisang Diyos., lalo na sa bawat testimony na naririnig nila na kung paanong ang panalangin ng mga anak ng Diyos na may pananampalataya ay kayang magdugong ng buhay at magpagaling. Natutunan ko rin na magbigay ng encouragement sa kanila na kahit mayroon din akong pinagdadaanan ay lalo akong dapat maging malakas para sa Lord at sa mga taong naniniwala na ang kalakasan ay nasa Diyos lamang. Nagkaroon din ng application ang fruit of the Holy Spirit sa araw-araw na nakakasama ko sila sa prayer at once a week na sharing ng Word of God.



Bro. Sonny Dwayne Emerald Costales  
UCFTS Student

*Isa sa mga unique na naranasan ko sa pagsasagawa ng family prayer at pagbabahagi ng Salita ng Diyos sa mga kasamahan namin ay ang pag-remind ng Word of God sa akin while doing our fellowship na siyang nagagamit ko at naibahagi ko sa kanila. Naniniwala ako na iyon ang ibinigay ng Diyos dahil iyon ang kailangan ng bawat isa.*



Bro. Adrian Klein Laurel  
UCFTS Student

*Ang naranasan ko sa pagganap ko sa aking HBC ay ang pag-assess sa aking mga kinakausap. Mararamdaman mo kung ano talaga ang felt need nila. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa opportunity na ibinigay Niya sa akin lalo na sa ganitong panahon ng pandemya.*



Dr. Rina Ani  
UCFTS Student

Noong kami ay nag-umpisa sa pagsasagawa ng HBC, sa grace ng Lord, neroon ang kaligayahan at kasabikang maibahagi ang kabutihang ginawa ng Diyos sa buhay naming mag-ina. Natutunan naming hingin pa sa Panginoon na mas magamit pa Niya kami para sa mga taong hindi pa Siya nakikilala na katulad din namin noon. Higit sa lahat, natutunan kong magtiwala sa pagkilos ng Banal na Espiritu at mamangha sa Kaniyang kapangyarihan at sa pagkilos Niya sa mga buhay ng aming mga kabahagi sa HBC. Masaya ako kapag nakikita ko ang kanilang mga mukha na masayang nakakarinig ng Salita ng Diyos. Glory to God!

## Papuri sa Panginoon sa pagkakataong makapagbahagi ng Kaniyang Salita!

Mga Awit 26:2-3 (MBBTAG)

<sup>2</sup>Yahweh, ako'y siyasatin Mo at subukin, hatulan Mo ang iniisip at ang aking hangarin. <sup>3</sup>Pag-ibig Mong wagas ang aking patnubay, ang Iyong katapatan ang lagi kong kaagapay.

# Tapat na mga lingkod ng Diyos

Rev. Ryan  
Christian TabayRev. Ricardo  
JacobRev. Dr. James  
SyRev. Dr. William  
SyRev. Victorio  
LamarcaRev. Morrell  
EstrelladoRev. Fidel  
Dillo

**S**a maraming taong nagdaan, ang nag-uumpaw na kabutihan, pagpapala at katapatan ng ating makapangyarihang Diyos ay patuloy na sumasalamin sa buhay ng ating mga butihing pastor sa UCF.

Ang paglilingkod at buhay na kanilang alay sa Panginoon ay nagsisilbing gabay at inspirasyon ng bawat isang manggagawa upang makapaglingkod sa Diyos nang may katapatan at pagpupunyagi. Ang kanilang dedikasyon at pagmamahal na gawin ang kalooban ng Diyos ay

hindi naglalaho bagkus ay patuloy na namamasdan at nananatili nang sa gayon ay marami pang buhay at kaluluwa ang madala sa paanan ng Panginoon.

Purihin ang kataas-taasang Diyos sa bawat buhay at pagsisikap ng ating mga pastor sa panambahan at mga ministeryo na naging daan upang ang kapatiran ay lalong lumago sa ating Panginoon. Ang kanilang pangangaral ng Salita ng Diyos, pagbibigay ng patnubay at pagsasagot sa ating mga katanungan

ay isang malaking pasasalamat at tulong upang tayo ay lumago sa pagkakilanlan natin sa Diyos at magkaroon ang bawat isa ng matibay na pananamplataya.

Ang pandemya man ay dumating ngunit hindi ito naging hangganang ng kanilang paglilingkod at pamumuhay sa Salita ng Diyos. Mas umalab pa ang kanilang pagmamahal at mithiing maihatid ang Mabuting Balita ng Panginoon sa mga naliligaw na tupa. Ang tibay at pagpapagal nila mula sa umpsisa hanggang sa ngayon ay

kamangha-mangha at patuloy na magiging isang buhay na patotoo na nagbibigay kalakasan at nagsisilbing motibasyon sa bawat isa.

Mataas na luwalhati sa Panginoon sa wagas Niyang katapatan at paggamit sa buhay ng ating mga minamahal na pastor na naghahatiid ng Kaniyang Salita at walang pagdadamot na nagbibigay ng buhay upang maglingkod at maiparating sa lahat ang Kaniyang labis-labis na biyaya, kabutihan at walang kasinglaking pagmamahal!

## Salamat sa Diyos para sa inyong buhay!

Sis. Aira Tolentino  
to Rev. Dr. William Sy

Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa buhay na ibinigay Niya sa ating punong pastor na si Ptr. William. Maraming buhay ang nabago at nakakilala sa Panginoon dahil sa Kaniyang patuloy na pagsunod sa ating Diyos. Isang inspirasyon ang buhay ni pastor sa aming lahat dahil kahit na siya'y matanda na, makikita ang kasiyahan at kasabikan sa kaniyang puso na maglingkod sa Panginoon. Kaya patuloy kong ipagdarasal ang higit na kalakasan na ibibigay ng ating Diyos sa buhay ng ating mga pastor sa araw-araw ng kanilang paglilingkod. Purihin ang Panginoon sa buhay ng ating mga pastor!

Bro. Rey Tanjusay  
to Rev. Ricardo Jacob

Isang mapapalang araw po sa lahat ng kapatiran lalo na sa mga pastor ng UCF na taos-pusong naglilingkod para sa gawain ng Panginoon. Isa sa mga pastor na lagi naming nakakasama sa mga gawain sa mga development project sa Mt. Tabor ay si Ptr. Ric. Sa hinrabit ginhawa ay sama-sama kami para maisakatuparan ang mga gawain sa Mt. Tabor para sa Panginoon. Nakita ko sa buhay ni Ptr. Ric ang pagpupursigi at consistency para makatulong sa gawain. Salamat sa Diyos sa buhay ni Ptr. Ric at ganon din sa lahat ng mga pastor ng UCF. God bless you all!

Bro. Ernie Hermosa  
to Rev. Ricardo Jacob

Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa buhay ni Ptr. Ric dahil siya ang ginamit ng Panginoon sa Men's Fellowship. Siya ang nagbibigay ng advice sa akin kung paano manuhay ang isang tunay na Kristiyano at manatili sa presensya ng Panginoon. Nakita ko rin kay Ptr. Ric ang dedikasyon niya sa kaniyang commitment sa Mt. Tabor kung saan ay lagi siyang unaaykyat upang tumulong sa mga projekto rito. Sa kabilang kaabalahan niya sa kaniyang pamilya ay lagi siyang may oras na umakyat sa Mt. Tabor, may kasama man o wala. Kaya ako ay nagpapasalamat sa Panginoon sa kaniyang determinasyon sa pagtupad ng kaniyang commitment. Ang lagi niyang paalala sa kalaalahan. Kung tayo ay nag-commit sa Lord, ito ay gampanan natin nang may kasiyahan sa ating mga puso. Sabi nga ni Ptr. Ric, Kapag gusto, maraming paraan. Kung ayaw, maraming dahilan. Happy Pastor's Day po sa lahat ng mga pastor ng UCF family. God bless!

Bro. Sonny Dwayne Costales  
to Rev. Morrell Estrellado

I thank the Lord for the life of Ptr. Moe for using him to share God's Word to me and my family. Higit kong pinapapasalamat ay ang pagiging mabuting halimbawa niya kung paano maglingkod sa Diyos na siyang ginagaya naman namin lalo na sa pamamahagi ng Salita ng Panginoon sa bawat isa na aming kakilala. Siya rin ang isa sa mga tumulong sa akin para magpataba, spiritually (and physically). I continuously thank the Lord for his life dahil patuloy din kaming sinusuportahan at ginagabay ni Ptr. Moe sa bawat desisyon na aming gagawin, maging sa business, studies at personal life namin.

Psalm 139:23-24 (NKJV)

<sup>23</sup>Search me, O God, and know my heart; Try me, and know my anxieties; <sup>24</sup>And see if there is any wicked way in me, And lead me in the way everlasting.



**Bro. Jezreel Murillo  
to Rev. Morrell Estrellado**

Nagpasalamat ako kay Ptr. Moe dahil ginabayani niya ako sa aking paglakad sa Panginoon upang lalo ko pang makilala ang Diyos sa aking buhay. Ganoon din ay nagpasalamat ako sa pagsasakripisyo at pag-invest niya ng time sa akin. Si Ptr. Moe ang nag-alaga at nagtiyaga sa akin. Noong panahon nadapa ako, nandoon pa rin siya. Kaya napakalaki ng pasasalamat ko kay Ptr. Moe bilang aking spiritual father. Tinuro niya sa akin ang kahalagahan ng resulata sa paglilingkod sa Panginoon at ang pagmanage ng time para magawa ang mga pinagkatiwala sa atin. Isa sa verse na hindi ko makakalimutan ay ang James 1:2-5. Noong panahon na may pagsubok ako, ito ang verse na iniwan niya sa akin na hanggang ngayon ay nagagamit ko pa rin. Nagpasalamat ako sa Diyos dahil mayroong Ptr. Moe na ibinugay sa akin.



**Sis. Ruth Caranguian  
to Rev. Fidel Dillo**

Purihin ang Diyos para sa buhay ni Ptr. Fidel dahil tunay nga na ang buong lakas na paglilingkod ay makikita po sa kanya. Si Ptr. Fidel ang unang naganim ng Salita ng Diyos sa akin dahil sa HBC sa kapitbahay namin. Nataandaan kong sinasabi niya lagi na ang paglilingkod ay hindi lang dahil mainit ka ngayon at bukas hindi na. Ang paglilingkod ay susubukan talaga ang katatagan ng pananampalataya mo. Tunay na kaybuti ng Panginoon dahil ang buhay ni Ptr. Fidel ay ginamit Niya upang pati ako ay muling manulat at magpatuloy sa paglilingkod sa Diyos. Salamat sa inyong buhay, pastor, dahil ibinugay niyo po nang buo ang inyong buhay para sa ministeryo ng Panginoon.



**Sis. Louzelle Jesalva  
to Rev. Dr. James Sy**

To Ptr. James, I'll always be grateful to you for leading us to Christ. Your determination and perseverance to work in the ministries of UCF inspire me to do the same thing. In every way, you always teach me how to be strong in heart as I serve the Lord. Thank you for being a family to me. Praise be to God for your life. Happy Pastors' Day!



**Sis. Ivy Cabus  
to Rev. Dr. William Sy**

Salamat sa Panginoon sa buhay na ibinugay niya sa iyo. Ang buhay niyo po ang isa sa mga nagsisilbing inspirasyon ko sa aking paglilingkod. Hindi mo lang po ako tinuturan sa espirituwal kung hindi imaging sa lahat ng aspeto ng aking buhay. Salamat sa Panginoon sa Kaniyang pangako at pagtawag sa inyo. Salamat po sa pagbabahagi niyo ng pagmamahal sa akin. Mahal ko po kayo, pastor. May God bless you more and continue to strengthen and use your life for His glory. Happy Pastors' Day!



**Sis. Angel Tolentino  
to Rev. Victorio Lamarca**

Nagpasalamat ako sa Lord sa buhay ni Ptr. Vic dahil tunay na buhay ang Salita ng Panginoon sa kaniyang buhay at ito ay kaniyang matiyagang binabahagi sa atin. Isang patunay at inspirasyon ang buhay ni Ptr. Vic ng kagalinan, kalakasan at katapatan ng Panginoon. Marating salamat po, Ptr. Vic, dahil ibinugay niyo po ang buhay niyo sa Diyos. God bless you po!



**Sis. Chrysantha Iniego  
to Rev. Victorio Lamarca**

Nagpasalamat ako sa buhay ni Ptr. Vic dahil patuloy niya kaming tinuturan at tinutulungan na makilala pa ang Panginoon. Nagpasalamat ako sa mahaba niyang pasensya at sa pagbibigay ng oras niya upang kami ay matuto pa.



**Bro. James Paraiso  
to Rev. Ryan Christian Tabay**

Una po sa lahat, gusto ko pong pasalamatang ang Lord sa buhay ni Ptr. Ryan dahil patuloy po siyang ginagamit sa panambahan. Gusto ko rin po pasalamatang si Ptr. Ryan dahil hindi po siya nagsasawa na i-remind po ako na palaging magbasa ng Bible at kahit na makulit ako ay hindi niya parin ako pinapabayaan. Patuloy din po kayong gabayan ng Lord at palakasin po para mas marami pa po kayong matulungan at madala po kay Lord na hinda pa po nakakalilala sa Kaniya. Marami rin pong salamat sa mga naituro niyo po sa aking ibat ibang mga bagay. Thank you po, Ptr. Ryan. Happy Pastors' Day!



**Bro. Reuben Daniel Delay  
to Rev. Ryan Christian Tabay**

Lubos akong nagpasalamat sa Panginoon dahil ginamit Niya ang aking pastor at lider na si Ptr. Ryan Christian Tabay upang ako ay akayin sa aking paglalakad patungo sa nais ng ating Panginoon. Kahit ako ay pasaway, makulit at hindi magaling o maalam sa mga bagay na aking ginagawa ay nandyan siya upang ako ay gabayan, turuan at payuhan sa mga desisyon na aking gagawin. Nagpasalamat ako dahil ginamit ng ating Panginoon si Ptr. Ryan upang ako ay gabayan sa panambahan na tinawag ng ating Panginoon.



**Sis. Beatrice Vargas  
to Rev. Dr. James Sy**

I thank the Lord with a grateful heart for Rev. Dr. James Sy's life, which touched the lives of so many people. Ptr. James, thank you for your spiritual direction, care, and support. As our spiritual leader, I genuinely appreciate your perseverance. To all our pastors in UCF, thank you for your efforts. Your service to God has the power to make a difference in people's lives. Happy Pastors' Day!



**Bro. Gilbert Davin  
to Rev. Fidel Dillo**

October is a pastors' appreciation month. Nagpasalamat ako sa lahat nang pastor sa UCF for your service, leadership and effectiveness. Ptr. Fidel, salamat sa iyong paliwanag sa panahong meron akong nais malaman tungkol sa Panginoon. Salamat dahil hindi ka nagbabago sa iyong kapwa at sa iyong relasyon sa Diyos kahit maraming pagsubok na dumating sa buhay mo at pagod na naranasan araw-araw. More power to you, Ptr. Fidel. God bless.

**Psalm 139:1-2 (NKJV)**

**'O Lord, You have searched me and known me. <sup>2</sup>You know my sitting down and my rising up; You understand my thought afar off.**

# Bible Study

## ON THE AIR

### Episode Highlights

#### Y2 S7 E03: BE RECONCILED TO GOD

